# 2 pulis, na-demote sa illegal arrest

Balita · 27 Dec 2020 · 1 · Jun Fabon

Na-demote ang dalawang pulis ng Quezon City kaugnay ng iligal na pag-aresto sa isang babae dahil umano sa pag-iingat ng baril at iligal na droga sa nasabing lungsod, halos isang taon na ang nakalilipas.

Sa desisyon ng People's Law Enforcement Board ng lungsod, napatunayang nagkasala sa reklamong grave misconduct for unlawful arrest and search without proper warrant sina Patrolman Zaldy Mejos Jr. at Julie Boison ng QC Police District.

Ayon sa PLEB, binigyan nil ang one-rank demotion sina Mejos at Boison bilang kaparusahan ng mga ito matapos arestuhin si Marissa Torres sa kanyang bahay nang walang warrant.

Idinahilan ng dalawa, nakakuha sila ng iligal na droga kay Torres at isang baril sa loob ng bahay nito kaya nila ito dinampot noong Enero 19, 2019.